AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
**Aralin 11**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Araw sa Palengke" na isinulat ni May Tobias-Papa.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 11** |
| --- |
| Book Title: Araw sa Palengke |
| Author: May Tobias-Papa |
| Source: Buri Books |

Magandang hapon sa lahat! ☀️ Si Teacher Robyn po ulit para sa reading session natin today! 📚 Ang babasahin natin ay makili lang, ito ay ang "Araw sa Palengke" 🛍️ ni Ginang May Tobias-Papa 👩🏽🏫

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Ano ulit ang promises natin sa isa't isa parasa ating Reading Exercise? ☺
(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣
(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓
(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**
Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Pangako**

**(2) Suki**
**(3) Luto-lutuan**

Kayang-kaya niyo to! 💪🏽 Start na tayo! 🌟

--

📚 **ARAW SA PALENGKE NI MAY TOBIAS-PAPA**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Ngayong araw na ito, maaga akong gumising. Inaantok pa ako nang binihisan ako ni Nanay. 👩🏽 Sasama ako sa kaniya. Araw ng palengke ngayon! 🛍️
• "Makinig kang mabuti," and sabi ni Nanay. "Humawak ka sa akin ng mahigpit, ha? Para hindi ka mawala. At hindi pwedeng magturo ng ipabibili."
"Opo, Nanay, pangako po," ang sabi ko.
Tig-isa kami ni Nanay ng bayong. Ang bayong ni Nanay ay malaki at makulay. Ang bayong ko naman ay maliit at kulay dilaw. 🛍️
• Maingay sa palengke. Nagsisigawan ang mga tao. Pero hindi galit. Masaya. Parang ang lahat ay magkakakilala. "Suki! Suki! Bili ka na sa akin, suki!!!" 🗣️
• Hindi ko gusto ang amoy ng palengke. Amoy karne, manok, at isda. Ngunit bakit tila tuwang-tuwa naman si Nanay sa kaaamoy sa mga iyon? 🐖🐓🐟
• Mainit sa palengke. At saka maputik. Kaya pala gusto ni Nanay na maaga kami. Masikip ang palengke kapag magtatanghali. 🛍️ 🌤️
• Mabait ang mga tindera sa palengke. Pinatikim kami ni Nanay ng kanilang sari-saring tinda. Pakwan. Lansones. Bibingka. Pinuno din nila ang aking maliit na bayong ng iba't ibang bagay. 🍉🍈🥧
• Maraming makikita sa palengke. May kakatwa, may nakakatakot, at may magagandang bagay. Hay. At ang ganda nung isang munting pulang kalan na may munting palayok. Ang sarap magluto-lutuan! 🥣👧🏽👦🏽
• Pero may pangako ako kay Nanay. ❤️
• Pagod na pagod kami ni Nanay. Mahirap palang mamalengke. Pagdating namin sa bahay, tinulungan ko syang iligpit ang aming ipinamili. Teka... ano 'yung Nakita kong nakabalot sa diyaryo? 📰
Parang pamilyar ang hugis. Parang...
Isang munting kalan na may munting palayok! 🥣
• Salamat, Nanay! 🤱🏽

--

Kayang-kaya diba, mga bata? 🥰

✏️ **GAWAIN**

Balikan natin ang kuwento ng “Araw sa Palengke” para matiyak ang mga sumusunod:
🔎 Saan naganap ang ating kuwento?🏞

🔎 Sino ang ating bida at sinu-sino ang ibang mga karakter?👨👩👧👦

🔎 Kung nabasa natin ng maigi ang kuwento, maaalala natin ano ang nangyari sa umpisa, gitna, at pantapos ng kuwento! 🕒

🔎 Ano ang problema ng bida?⚡

🔎 Ano kaya ang gustong sabihin ng manunulat sa kuwento? Gawin nating repleksyon ito.✍🏽

Answers.
◦ Saan naganap ang kuwento? Sa palengke!
◦ Sino ang mga karakter? And bidang bata, si Nanay, at ang ibang tao sa palengke.
◦ Ano ang pagkasunod-sunod ng istorya? Try nating muling ikwento sa ating Nanay, Tatay, o kasama ang kuwento!
◦ Ano ang problema ng bida? Nangako si Bida na siya’y hindi magtuturo ng ipapabili!
◦ Ano ang kaya ang gustong sabihin ng manunulat? Minsan, kung tayo lang ay patient o kung tayo ay maghihintay, makukuha rin natin ang ating ninanais.

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
May nangyari na ba sa inyo, mga bata, na kinailangan niyong maghintay bago makuha ang inyong gusto? Ano ang inyong naramdaman habang naghihintay? Ano ang inyong naramdaman nang makuha mo na siya?

Alam niyo ang isa sa pinaka magandang blessing o biyaya? Ang biyaya na hindi mo man alam na kailangan mo, o ang biyaya na hindi mo alam na hinihintay mo pala ☺

Yay! Tapos na! May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤
--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.